Bayani S. Abadilla

Note: Book Title “Bisig” from page 1-22
Publication date: 1988

Kalayaan at Kilusang Paggawa

> *“Ang sumusulong na kilusang paggawa ng anumang bansa ay malinaw na hunuhubog ng maraming kadahilanang labas sa kilusan. Kabilang dito ang kaayusang pulitikal na may malaking impluwensiya, at ang pag-aaral sa mga unyon ay kailangang sumaklaw sa pagsusuring pampulitika. Ito ay may natatanging kahalagahan kaugnay ng mga ‘umuunlad na bansa’ na ang pagsasanib ng pulitika at unyonismo ay lumilitaw na mabisang panlunas [sa sakit sa lipunan] ngunit may epektong hindi natin lubos na nauunawaan.*[1]
>
> *“Ang tuwirang pakikisangkot ng mga unyon sa kabuuang prosesong pampulitika ay kaakibat ng mahahalagang hakbangin ng mga lider sa pulitika na naghahantad sa mga manggagawa sa pulitika ng ‘kalayaan’ (maaari o di-maaaring mangahulugan ng ‘paglaya’ sa pakahulugan dito sa Kanluran).”*[2]

SA ating bansa, samantalang kinikilalang “gulugod ng kabuhayan” ang uring manggagawa, nakakaintriga ng isipan ang katanungan: Bakit pinakaapi ang uring ito kung ihahambing sa ibang sektor ng lipunan sa punto ng pagtatamasa ng makatwirang pakinabang sa mga biyaya ng produksyon na mismong mga mangagagawa ang lumilikha?

Karaniwan nang inihihimatong sa krisis ng ekonomiya ang matinding kahirapang dinaranas ng mga anakpawis (mahigit sa 22 milyon na sa kasalukuyan), ang mga manggagawa sa mga industriya at agrikultura. Kaugnay nito, di maiwaksi sa isipan ng mga mamamayan ang parang “sirang plakang” katanungan: Sino o sinu-sino ang nakikinabang sa mga biyaya ng produksyon? Ang tanong na ito ay may kasunod pang tanong: Bakit kaya hindi na makaahon sa paghihirap ang ating bansa? Nariyan pa ang pahabol na tanong: Hindi ba sagana sa likas na yaman ang ating bansa? At sa pagpupunyaging tuklasin ang pinakaugat ng nagsanga-sanga nang sakit ng lipunan, mahirap iwasan ang lalong mabigat na katanungan: Ano ang ginagawa ng ating mga lider sa pamahalaan?

Ilang Kabatiran sa Pulitika at Ekonomiya Ng Bansa

Anumang kaganapang umiiral sa kasalukuyan sa larangan ng pulitika at ekonomiya ay bunga lamang ng naunang mga pangyayari sa kasaysayan ng bansa. Kaipala, ang dinamikong pagsulong ng lipunang Pilipino ay kusang naglalantad sa puno't dulo ng mga suliraning dinaranas at bumabalisa sa sambayanan, lalo na sa uring manggagawa at magsasaka.

Mula sa mga tala ng kasaysayan, lumilitaw na ang kalayaang naipagwagi ng Katipunan na pinamumuan ni Gat. Andres Bonifacio, isang anakpawis, sa pamamagitan ng sandatahang pakikibaka laban sa mga kolonyalistang Kastila ay tusong inagaw ng bagong kolonyalista o imperyalistang Amerikano.[3]

> *"Pumasok ang Pilipinas sa ika-20 siglo habang sinisindak ng kapangyarihang Amerikano ang buong kapuluan. Nakabingit sa ganap na pagkalupig ang pagtatanggol ng mga Pilipino sa harap ng mas disiplinado at mas armadong hukbong dayuhan. Nahuli noong Disyembre 1899 ang 'Utak ng Rebolusyon' na si Apolinario Mabini, at ang mga baligtaring ilustrado sa pangunguna nina Pedro Paterno, Trinidad P. Pardo de tavera at Felipe Buencamino ay aktibong nangampanya para sa layuning palasuko at pederalista. Hindi nagluwat at parang dagang nasukol sa Hilagang Luzon (Palanan, Isabela) si Heneral Emilio Aguinaldo at pagkaraan lamang ng dalawang buwan ay itinatag noong Hulyo 4, 1901 ang pamahalaang sibil sa ilalim ng Estados Unidos."*[4]

Sapagkat maligalig ang buong kapuluan, natural lamang na mapinsala ang kabuhayang bansa. Ang krisis sa pulitika ay may katugong krisis sa kabuhayan. Hindi pa man pinakikinabangan ng sambayanan ang pambansang kasarinlan sa pagtatamo ng kalayaang ipinahayag sa Kawit, Kabite noong Hulyo 12, 1998 ay agad nang napaharap ang mga Pilipinong nagmamahal sa Kalayaan sa mga tropa ng imperyalistang Amerikano.

Sa gitna ng maigting na paglalaban ng mga tagapagtanggol ng Kalayaan at ng mga tropang imperyalista ay itinatag noong Agosto 14, 1898 ang gobyernong militar ng Estados Unidos sa bansa sa pamumuno ni Heneral Wesley Meritt.[5]

Sa bisa naman ng Kasunduan sa Paris noong Disyembre 10, 1898, binili ng imperyalistang Amerikano ang Pilipinas mula sa kolonyalistang Kastila at ito ang naging bagong panginoon ng mga Pilipino.

> *"Pagkaraan ng Kasunduan sa Paris noong 1898, dalawang mabigat na hamon ang kinaharap ng diwang makabayan o nasyonalismo: (1) kung makatatagal ito at mapangingibabawan ang mga balakid sa kalayaan, at (2) kung makaiiwas ito sa tukso at di-tatalikuran ang adhikain ng pambansang kalayaan"*[6]

Ang panganib sa adhikain ng kalayaan ay kagagawan ng mga maimpluwensyang Pilipinong agad na yumakap sa kapangyarihang Amerikano. Katunayan, naghangad pa ang mga ito na mapabilang ang Pilipinas sa mga estado ng Amerika.

Nang malupig ang puwersang rebolusyunaryo, ang mga imperyalistang Amerikano ay buong katakawang nangurakot sa bansa ng mga likas na yaman o hilaw na sangkap para sa kanilang industriyalisadong bansa. Malaking kantidad ng mga hilaw na sangkap tulad ng ginto, tanso, troso at mineral – bukod pa sa mga produktong pangkalakal tulad ng asukal, niyog o kopra, abaka at mga kauri nito – ang hinuthot ng dayuhang Amerikano sa bansa.[7]

Pinaunlad ng imperyalistang Amerikano ang sistema ng transportasyon at komunikasyon para mabisa at mahigpit na makontrol ang kabuhayan, pulitika at kultura ng bansa. Ang mga korporasyong Amerikano ay kumita nang malaki sa pagpapagawa ng mga lansangan, tulay, linya ng komunikasyon at iba pang pagawaing bayan.[8]

Di nagtagal, matagumpay na nailatag ng mga dambuhalang negosyanteng Amerikano ang kanilang puhunan sa mga istratehikong industriya sa bansa, tulad ng pagmimina, pagtotroso, negosyo sa agrikultura, negosyo sa gamot at iba pang pangunahing industriya.

Nang lumaon, hindi lamang mga negosyanteng Amerikano ang naglagak ng puhunan sa iba't ibang negosyo sa bansa. Ang mga Hapones, Ingles, Aleman, Canadian at iba pang dayuhan ay nakapagtayo rin ng mga korporasyon, kung hindi man mga subsidiaryo ng mga ito, sa bansa.

Sa ganitong kaayusan, ang ekonomiya ng bansa ay direkta nang pinaggagalaw ng mga dayuhang kapitalista. Ang paghahatid naman ng mga kalakal, imported o lokal, sa iba't ibang sentrong pamilihan sa bansa ay halos monopolisado ng mga Tsino. Kontrolado rin ng mga ito ang maraming negosyong pangserbisyo at maliliit na industriya.

Sa pamamagitan ng kaayusang pangkabuhayan na malakolonyal at malapyudal, sa bansa kumukuha ng mga hilaw na sangkap ang mga dambuhalang negosyanteng dayuhan para sa mga korporasyong nasa

kanilang bansa o mga subsidiaryong nasa Pilipinas, ngunit dito naman ibinebenta ang mga yaring produkto. Ito'y isang kaayusang malinaw na iginigisa ang Pilipinas sa sariling mantika.

Bilang umiiral na sistemang pangkabuhayan, ang kaayusang malakolonyal at malapyudal ay pinaging lehitimo ng mga kasunduang nilagdaan ng mga nagdaang mga lider ng pambasang pamahalaan at ng mga lider Amerikano na may mga probisyon na labis na ikinatutuwa ng mga dayuhan ngunit habang panahon namang pinagdurusahan ng mga Pilipino. Ito'y ang mga sumusunod: Free Trade, Bell Trade Act, Parity Rights, Laurel-Langley Agreement at iba pang mga kasunduang sadyang sagwil sa pambansang kasarinlan na kailangang-kailangan para sa pambansang kaunlaran.

Sa pana-panahon, ang nagdaang mga lider ng pamahalaan ay nagsagawa ng mga hakbangin para sa kapakanan ng bansa na may layuning hanguin sa paghihirap ang mga mamamayan. Gayunman, ang mga magagandang programa ng pamahalaan ay sadyang walang-saysay sapagkat hindi kailanman pinahihintulutan ng mga imperyalistang Amerikano ang sino man sa nagdaang lider na itinaguyod ang pambansang kaunlaran.

> *"Bunga ng kaayusan ng ekonomiyang likha ng imperyalistang Amerikano, isang balangkas ng lipunan ang nabuo sa bansa. Tinangkilik ng mga imperyalista yaong mga mapagsamantalang uri bilang mga sunud-sunurang lider na nakipagkutsabahan sa mga naghaharing kolonyalistang Kastila noong nagdaang panahon o ika-19 na siglo. Ang mga ito ay ang uring burgis-kumprador at panginoong maylupa. Mula sa hanay ng mga mapagsamantalang uring ito hinuhugot ng mga imperyalistang Amerikano ang mga lider ng pamahalaan o burukratang kapitalista na may kaukulang pakinabang sa pagtatamasa ng biyaya sa umiiral na sistemang pangkabuhayan at pampulitika. Sa pinakapundasyon ng lipunan ay naroon ang masang manggagawa at magsasaka na binubuo ng mahigit sa 90 porsiyento ng aping sambayanang Pilipino"*[9]

Ang kawalan ng kakayahan (dahil sa pakikialam ng mga imperyalistang Amerikano) at karuwagan o kapalaluan ng nagdaang mga lider ng bansa na itinaguyod ang pambansang interes ay unti-unting nagpasidhi sa kahirapan at labis na nakababahala sa mga mamamayan, lalo na sa uring mangagawa at uring magsasaka. Ang krisis sa kabuhayan ay lumikha ng likas na pagtutol mula sa hanay ng sambayanan. Sa mga demonstrasyon isinisigaw ng mga demonstrador ang hinggil sa huwad ng Kalayaan at kinokondena nila ang paghahari ng imperyalistang Amerikano sa bansa.

Samantalang nalulugmok sa pagdaralita ang dumaraming mamamayang Pilipino (55 milyon na ngayon), patuloy namang lumalago at tumutubo ang mga negosyong dayuhan sa bansa.

Sa gitna ng ganitong kalagayang panlipunan (lumalaon bumubuti sumasama kaysa rati), tuluyan nang napariwara ang sambayanan sa ilalim ng 20 taong paghahari ng rehimeng Marcos. Sa panahong ito wala pa sa 20 porsiyento ng populasyon ang nakikinabang sa 65 porsiyento ng kabuuang kita at yaman ng bansa samantalang 80 porsiyento ng taumbayan ang malabusabos na nagpapartitahan sa nalalabing 35 porsiyento ng kabuhayang bansa. Ayon sa tala ng Pambansang Lupon sa Pamahalaan (Philippine Board of Investments), 1,400 negosyo sa bansa ang lubos o di-lubos na pag-aari ng mga dayuhan. Dominado ng mga ito ang negosyo sa langis, gamot, pataba, goma, at gulong ng sasakyan, ginto, tanso, bakal, kemikal, at metal, bukod pa sa pangangalakal sa pagluluwas at pag-angkat ng mga produkto.[10]

Ang mga negosyanteng dayuhan ay nakapag-uuwi sa kanilang bansa ng tubong $120 milyon hanggang $150 milyon taun-taon mula sa kita ng mga lokal na subsidiaryo ng mga dayuhang korporasyon. Mismong si dating Presidente Marcos na rin ang nagbunyag nito sa kaniyang talumpati sa Manila Rotary Club noong Enero 29, 1969.[11] Sa panahon din ng rehimeng Marcos nagsulputan ang biglang-yamang mga Marcos crony, isang uri ng mga burukratang kapitalista.

Noong ideklara ang batas militar dahil sa mahigpit na pangangailangan ng tulong pang-ekonomiya at pang-militar, itinakda ng diktador na si Marcos ang mga sumusunod na patakarang pangkabuhayan:

1. Isang istrahiyang nagtataguyod sa mga panluwas na mga kalakal na may insentibo sa paggawa;
2. Iba't ibang insentibo upang maakit ang mga dayuhang namumuhunan, kasama na ang pagbubuwis at pagpapautang;
3. Isang mapanikil na patakaran sa paggawa na titiyak sa mababang pasahod upang samantalahin ang murang halaga ng paggawa; at
4. Umasa sa mga pautang ng dayuhan sa gastusin ng mga proyektong imprastraktura upang maakit ang mga negosyong multi-nasyunal.

   Bunga ng pinairal na patakaran sa ekonomiya, ang utang ng bansa na $2.2 bilyon noong 1972 ay biglang lumobo sa halagang $12 bilyon noong 1980 at umabot sa $25 bilyon bago magka krisis sa ekonomiya noong 1983.[12]

Sa panahon din ng rehimeng Marcos ay namalasak sa lipunan ang mga katagang International Monetary Fund (IMF) at World Bank (WB). Higit pa rito ay nahantad sa kaisipan ng mga mamamayan ang konseptong *debt trap, debt services, devaluation, inflation, foreign exchange rate…* na sa pag-iisip ng mga anakpawis (manggagawa at magsasaka) ay nangangahulugan ng patung-patong na suliranin ng bansa at sapin-saping sama ng loob. Naghihirap na sila'y gaping-gapi pa ang mga karapatan. Bunga ito ng napakalimit na pag-utang ng bansa sa mga bangkong napapayungan ng IMF. Si dating Punong Minister Cesar Virata ay nakilala rin ng bayan bilang kilabot ng sugo na rehimen sa pangungutang sa mga bangko sa ibang bansa. Sa pagbagsak ng rehimeng Marcos, naiwan sa bansa ang mabigat na suliranin ng pagkakautang na $28 bilyon sa mga bangkong hawak ng IMF.

Katulad ng nangyayari sa Pilipinas, ang IMF-WB ay gumaganap ng mahalagang papel para mapanatili ng mga industriyalisado't makapangyarihang bansa (super power) ang masinop na pagsasamantala sa ekonomiya at mabisang pagkontrol sa gobyerno ng mga kliyenteng bansa na binubuo ng "Mga Bansa ng Ikatlong Daigdig".[13]

Sa kalagayang pandaigdig, ang timbangan ng lakas sa kasulukuyan ay nakakiling sa mga puwersang mapagpalaya ng "Mga Bansa sa Ikatlong Daigdig". Dahil dito, ang mga imperyalista ay kailangang gumawa ng mga bagong istratehiya ng pananakop at panunupil upang mabisang mapanlupaypay ang paghahangad sa kalayaan ng mga bansang pinagkukukunan nila ng hilaw na sangkap at pangunahing inaasahan na siguradong pamilihan ng mga yaring produkto.[14]

Bagaman hindi nababago ang esensiya at anyo ng pagkontrol ng Estados Unidos sa Pilipinas, tulad ng base militar, pagpapautang, pagluluwas ng mga kalakal at teknolohiya, pamumuhunan, pamamaniobra sa pulitika at iba pang di-pantay na kasunduan sa ekonomiya at kultura, ito'y nakalikha na ng mga bagong pamamaraan upang mapanatili nito ang hangaring pagharian ang daigdig o hegenomiya na may kaukulang pagtatakda sa mga pamamaraan sa iba't ibang bansa.[15]

Ilang Kabatiran sa Kilusang Paggawa

Sa Pilipinas at sa mga bansang sakop ng mga bansang industriyalisado't makapangyarihan, di-maihihiwalay ang mga

kaganapan ng unyonismo sa mga kaganapan ng kalayaan. Bakit? Ito'y sa dahilang una, sa ekonomiya, ang nakapakong mababang sahod ng mga manggagawa ay itinatakda ng mekanismo ng pagsasamantala sa kapakinabangan ng mga dayuhang kapitalista. Ikalawa, sa pulitika, ang mga lehitimong karapatan ng mga manggagawa na hindi nila matamasa ay bunga lamang ng mga patakaran sa paggawa na ipinatutupad ng gobyerno na tuwiran at/o di-tuwirang pinakikialaman ng mga dayuhan.

> "*Ang kasaysayan ng mga manggagawang Pilipino ay tulad ng isang makulay na dula,*
>
> *"Ang tanghalan sa entablado'y doon pa rin – sa mga pagawaan, plantasyon at lansangan. At may pagbabago-bago man sa tauhan, masasalamin pa rin ang pangkalahatang pagsisikap ng sambayang Pilipino na makapagtatag ng isang malaya at demokratikong Pilipinas. Kapansin-pansin na sa mahahalagang yugto ng kasaysayang Pilipino, kakapit-bisig sa pakikihamok ng mga manggagawa ang uring magsasaka at iba pang makabayang uri.*
>
> *"Ngunit habang pinatitibay natin ang pagkakaisa ng ating hanay, ang mga kaaway naman natin ay patuloy sa pagtatangka na tayo'y paghiwa-hiwalayin. Batid nilang kapag wala tayong pagkakaisa, wala tayong makakamit sa ating mga hinihiling, maliit man o malaki.*
>
> *"Ang ating dula, kung gayon, ay nagpapatuloy pa hanggang sa kasulukuyan. At sa muli nating pagganap, buong-buo na ang ating pagtitiwala sa ating lakas sapagkat nilingon na natin ang mga aral ng nakaraan."*[16]

Ang unang naitalang makauri at makabayang pakikihamok ng uring manggagawa ay naganap noong Enero 20, 1872 sa Puerto San Felipe, Kabite. Nakilala ito sa kasaysayan sa taguring "Cavite Mutiny". Nag-alsa ang mga manggagawa dahil sa nakapagpapahirap ng pagbubuwis at sapilitang pagtatrabaho.[17]

Ang pag-aalsa ng mga manggagawa sa puerto ay dagling nasupil ng mga maykapangyarihan. May mga napatay, nabilanggo at ipinatapon sa ibang lugar. Sinuyod ng mga tropang Kastila sa ilalim ng noo'y Gobernador Heneral Rafael Izquierdo ang mga lungsod at bayan para arestuhin ang mga pinaghihinalaang may kinalaman sa pag-aalsa.

Nang sumiklab ang rebolusyon – Sigaw sa Pugad Lawin, Agosto 30, 1896 -, ang Katipunan na may kasapiang 123,500 ay binubuo ng mga anakpawis: manggagawa, magsasaka, estibador, bodegero.[18]

Nagtagumpay ang rebolusyon sa liderato ni Gat. Andres Bonifacio, isang anakpawis, na kulang man sa karununggan ay maalab naman ang pag-ibig sa bayan. Ngunit ang sigalutan sa loob ng Katipunan na humantong sa pagpatay kay Bonifacio ay nagkaroon ng biglang pagkakalihis sa tunguhin ng kalayaan.

Dapat gunitaing sa panahong ito ay mahigpit ang pangangailangan ng Estados Unidos na magkaroon ng isang baseng tuntungan sa pagpasok sa Tsina. Takaw na takaw ang imperyalistang Amerikano sa lupain ng Tsina. Dahil dito, nakipaggiyera ang Amerika sa Espanya para makuha ang mga kolonyang bansa ng huli. Isang putok sa dalawang ibon ang bumagsak sa kamay ng imperyalistang Amerikano nang masakop nito ang Pilipinas: bukod sa nakinabang ito sa mga masaganang likas na yaman ng bansa ay natupad pa ang ambisyon nitong magkaroon ng tuntungan sa pagpasok sa bansang Tsina.

Nasakop ng Amerika ang Pilipinas sa huling patak ng dugo sa mga nagtanggol sa kalayaan.

Sa ilalim ng imperyalistang kapangyarihan, biglang sumigla ang ilang industriya ng bansa at bigla ring lumaki ang bilang ng mga manggagawa. Maraming naitayong empresa para sa pagpoproseso ng mga produktong panluwas.

Sumigla ang kolonyal na kalakalan: Noong 1900, ang iniluluwas ng bansa sa Estados Unidos ay 11 porsiyento ng kabuuang iniluluwas na produkto. Noong 1910, naging 41 porsiyento ito. Noong 1920, 65 porsiyento. Noong 1935, 72 porsiyento. Sa asukal, 33 sentral ng asukal ang agad na itinatag. Halos lahat ng ito'y pag-aari ng mga Amerikano. Lumaki ng 55 porsiyento ang bilang ng mga ektaryang tinatamnan ng tubo. Sa kopra, ang paglaki ng produksyon ng sabon at mantikilya sa Estados Unidos ay nagpasigla sa produksyon ng kopra sa Pilipinas. Noon lamang 1917, ika-apat na bahagi (1/4) ng kabuuang kopra sa daigdig ang nagmula sa Pilipinas. Sa abaka, simula 1920 hanggang 1930, ang iniluluwas na abaka ng bansa sa Estados Unidos ay lumaki ng 500 porsiyento.[19]

Sa bisig ng paggawa umunlad ang ekonomiya, ngunit taliwas ang dinaranas sa buhay ng uring manggagawa: mababa ang sahod, dinanas nila ang mga di-makataong kalagayan sa paggawa, di-sapat na atensyong medikal at nakatikim pa ng paninikil sa kanilang mga demokratikong karapatan.

"Hindi nagkaroon ng kaganapan ang 'paraiso' at "sibilisasyong" ipinangako ng mga Amerikano.

"Ang kawalang-kasiyahan ng mga manggagawa ay nagtulak sa kanila para mag-organisa bilang paghahanda sa nalalapit na paghahamok.

"Isang bagong kabanata ang nabuksan ng kasaysayan ng kilusang manggagawa nang pumasok sa Pilipinas ang impluwensiya ng kaisipang sosyalista.

"Mahalagang papel ang ginagampanan dito ni Isabelo de los Reyes. Siya ay nadestiyero o ipinatapon sa Barcelona, Espanya. Dito, nakasalamuha niya ang mga kilalang anarkista, sosyalista at rebolusyonaryo. Bunga nito, natutuhan niya at niyakap ang prinsipyo ng sosyalismo.

"Sa pagbabalik niya sa Pilipinas, bitbit niya ang mga aklat at akda ng mga kilalang sosyalista na tulad nina Karl Marx, Friedrich Engels, Malatesta at iba pa.

"Pagtuntung niya sa bansa, agad-agad silang nagkita ni Herminigildo Cruz, isa ring lider-obrero."[20]

Hindi natagalan at tinipon nina Isabelo de los Reyes at Herminigildo Cruz ang iba pang lider at mga manggagawa sa mga palimbagan. Noong Nobyembre 1901, itinatag nila sa isang pulong ang Union de Impresores de Filipinas (UIF).

Sa nasabing pulong, dumalo rin sina Arturo Soriano, Melanio de Jesus, Nazario Pasicolan at Margarita Pasamola, mga pangunahing lider sa kilusang paggawa.[21]

Mula sa mga manggagawa sa mga palimbagan, ang pag-uunyon ay kumalat sa mga pagawaan ng sigarilyo at lumahok din ang mga sastre at sapatero. Bunga nito ay naitatag ang Union Obrera Democrata (UOD), isang pederasyon ng mga unyon ng mga sapatero, sastre at ng mga unyon sa mga imprenta.

Ang welgang inilunsad ng UOD ay mabilis na nakaakit ng iba pang mga manggagawa.

Noong Agosto 2, 1902, inilunsad ng UOD ang kauna-unahang pangkalahatang pag-aaklas sa Pilipinas. Ang welga ay laban sa pagtanggi ng mga kapitalista sa kahiligan ng mga manggagawa para sa mataas na sahod.

Sa ilalim ng rehimeng Amerikano, ang populasyon ng bansa ay biglang lumaki: noong 1903 ang bilang ay 7,635,426; noong 1918, ito'y umabot sa 10,314,310 at noong 1939 ay naging 16,000,303. Habang lumalaki ang bilang ng populasyon, walang nagaganap na pagbabago sa lipunan. Pinagtiisan ng taumbayan ang gutom, kahirapan, dusa, sakit, krimen at mga kauring sintomas ng suliraning panlipunan ng isang bansang walang kalayaan at pambansang kasarinlan. Noong 1939, mahigit sa kalahati ng populasyon ang ignorante. Walang muwang ang mga mamamayan sa kanilang likas na mga karapatan. Mga magsasaka ang pinakamalawak na biktima ng kamangmangan: Mabilis silang dumami bunga ng malawakang pagbubungkal ng mga lupain para matustusan ang kailangang hilaw na sangkap o produktong pagkain sa pamilihan sa Amerika.[22]

Ang pambansang welga ay nilusob ng mga sundalong Amerikano. Ibinilanggo at kinasuhan ng sedisyon si Isabelo de los Reyes. Sinikil siya ng mga Kano hanggang sa palayain. Tumiwalag siya sa UOD at ibinuhos ang sarili sa relihiyon.

Pinalitan ni Dr. Dominador Gomez si Isabelo de los Reyes bilang pangulo ng UOD. Binigyan niya ng bagong pangalan ang pederasyon – Union Obrero Democratica de Filipinas (UODF). Sa pamumuno ni Gomez at sa kabila ng paninikil, ang pederasyon ay lumaganap at umunlad. Mula sa 33 naging 150 ang mga unyong nasa ilalim ng pederasyon.

Bunga ng masiglang pag-uunyon, noong Mayo 1, 1903, mahigit sa 100,000 manggagawa ang nagdemonstrasyon sa harap ng Malakanyang kaugnay ng pagdiriwang ng Araw ng Paggawa.

Nabahala ang maykapangyarihan at sinalakay nito – magkasanib na puwersa ng pulis Amerikano at Pilipino – ang palimbagan ng pahayagan ng UODF. Kasabay nito, inaresto si Dr. Gomez at kinasuhan ng sedisyon at ilegal na pagtitipon.

Bigo ang estado sa pagsupil sa kilusang paggawa. Ang pandarahas ay di-nakapigil sa kilusan. Dahil dito, ang karahasan bilang pamamaraan ng pang-aapi ay sinuhayan ng taktikang panlilinlang at noong 1908, itinatag ang Kawanihan ng Paggawa. Ang Kawanihan ay pumapel na "tagaayos" sa matahimik na paraan ng mga sigalot sa pagitan ng mga manggagawa at kapitalista.[23]

Kinasangkapan pa ng American Federation of Labor (AFL) si Lope K. Santos sa pagtatag ng dilawang Union del Trabaho de Filipinas (UTF). Subalit nabigo ang UTF sa panlilinlang sa uring manggagawa. Ang mga tapat na

lider-obrero na nasa Union Impresores de Filipinas tulad nina Herminigildo Cruz, Felipe Mendoza at Arturo Soriano ay iisang-tinig na tumuligsa sa mga pakana ng UTF na dayain at iligaw ang mga anakpawis sa tamang landas ng unyonismo.

Naitatag noong Mayo 1, 1913 ng mga lider-obrero sa pamumuno ni Herminigildo Cruz, ang Congreso Obrero de Filipinas (COF). Sa kongreso, pinagtibay ang mga rebolusyong humihiling sa 8-oras na paggawa sa bawat araw, batas hinggil sa mga bata at kababaihang mangagagawa at mga batas na tumutukoy sa pananagutan ng kapitalista.

Sa panahon ng COF, lumakas ang impluwensiya ng burgis na pamumulitika sa kilusang paggawa. Ang kilusan ay nalulong sa repormismo sa halip na itaguyod ang militanteng unyonismo at magtatag ng nagsasariling partido ng anakpawis.

Ang pagsuporta ng COF sa Partido Nacionalista ay naging pagkakataon ng ibang oportunistang lider-obrero para paghati-hatian ang kilusang paggawa. Noong 1916, si Vicente Sotto ay tumiwalag sa COF at nagtatag ng Asemblea Obrera upang magamit sa pagkandidato bilang kongresista. Sumunod na taon, itinatag ni Joaquin Balmori ang Federacion del Trabaho para mangampanya naman sa mga kandidato ng Partido Democrata.

Samantalang aktibo ang mga manggagawa sa lunsod sa pag-uunyon, may katugon ding kilusan ng mga magsasaka sa kanayunan. Noong 1917, itinatag sa Bulakan ang unyon ng magsasaka. Samantala, noong 1919, magkasabay na naitatag ang ANAKPAWIS sa limang bayan ng Pampanga at Union de Aparceros de Filipinas sa Bulakan. Noong Agosto, 1922, ang unang kongreso ng mga magsasaka ay idinaos sa Maynila. Sa kongreso, itinatag ang Katipunan ng mga Manggagawa at Magsasaka sa Pilipinas (Confederacion Nacional de Aparaceros y Obreros Agricolas de Filipinas).[24]

Ang mga naunang dekada ng ika-20 siglo ay kinatampukan ng mga malulubhang sigalot sa pagitan ng paggawa at kapitalista: 1912, anim na sigalot na kinasangkutan ng 1,880 manggagawa; 1918, 84 sigalot na kinasangkutan ng 16,289 manggagawa; 1921, 20,000 manggagawa ang nasangkot sa sigalot at noong 1922 ay 15,000 manggagawa. Sa panahong ito, laganap ang welga sa mga pagawaan, daungan, trosohan at asukarera.

Isa sa mga lider-obrero na may makulay na kasaysayan sa kilusang paggawa ay si Crisanto Evangelista. Nang mahalal na pangulo ng UIF, ibinandila niya ang 100 porsiyentong pagtataas ng sahod ng mga manggagawa. Hindi lamang sa kilusang paggawa kinilala ang kahusayan niya sa pamumuno. Kahit ang mga pulitiko ay nakapansin sa liderato niya at isinama siya sa

Philippine Independence Mission sa Estados Unidos noong 1919. Sa Amerika, nadagdagan ang kaalaman niya hinggil sa tunay na unyonismo. Sa pagbabasa ng mga aklat tungkol sa buhay ng mga anakpawis, natutuhan niya ang siyentipikong sosyalismo.

Ang kaalaman ni Evangelista at ibang lider-obrero ay nahinog hindi lamang sa pagbabasa kundi lalo na sa pakikipag-ugnayan ng mga ito sa mga lider-obrero sa sosyalistang Rusya at sa iba pang kilusang anti-imperyalista sa Asya.

Nalantad sa pandaigdigang kilusan sa paggawa ang lokal na kilusan sa panahon ni Crisanto Evangelista. Bilang kalihim ng COF, kasama ng ibang lider-obrero, sila'y nakipag-ugnayan sa mga lider-obrerong Tsino, Ruso, Indones at iba pa na nagbunga sa pagsapi ng COF sa Red International Labor Unions noong 1927.

Sa isang kongreso ng COF noong Mayo 1, 1929, ang Katipunang Pambansa ng mga Magbubukid (KPMP) ni Jacinto Manahan ay nagpatibay ng resolusyong nagsasaad ng pagsapi ng KPMP sa Peasant International.

Sanhi ng labanan sa kapangyarihan sa loob ng COF, si Evangelista at ibang lider-obrero ay kusang dumistanya sa asosyason at itinatag nila ang Katipunan ng mga Anakpawis sa Pilipinas (KAP) noong Hunyo, 1929. Ibinandila ng KAP ang mga sumusunod sa layunin o prinsipyo: pagkakaisa ng uring manggagawa at magsasaka at iba pang pinagsasamantalahang uri sa isang matatag na organisasyon; pakikibaka laban sa imperyalistang paghahari ng Estados Unidos sa Pilipinas: makibaka para sa mahusay na pamumuhay ng mga manggagawa at magsasaka; at, makiisa sa lahat ng rebolusyonaryong kilusan sa daigdig.

Sa magkatuwang na inisyatiba ng KAP at KPMP, ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ay itinatag noong Agosto 26, 1930. Sa mga unang araw pa lang ng pagkakatatag nito, ang PKP ay agad dumanas ng marahas na panunupil sa kamay ng mga Amerikano at mga tauhan nitong konstabularya. Nagsagawa ng malawakang pag-aresto ang estado. Kabilang sa mga naaresto sina Crisanto Evangelista, Juan Feleo, Guillermo Capadocia at Mariano Balgos. Kinasuhan sila ng sedisyon at illegal na pagtitipon. Ang mga ibinilanggong lider ng PKP ay pinatawan ng mahabang panahong pagkabilanggo. Ang ilan ay ipinatapon. Sa isang desisyon ng Korte Suprema, ang PKP ay idineklarang isang ilegal na organisasyon.[25]

Ang kilusang paggawa ay hindi nalansag ng mga Amerikano sa kabila ng pagkakadakip ng mga lider nito. Noong 1935, si Manuel L. Quezon ay naupong pangulo ng pamahalaang Komonwelt. May leksyong natutuhan

siya sa mga amo niyang imperyalista; upang masugpo ang lumalakas na kilusang paggawa, ang paninikil ay dapat sabayan ng panlilinlang.

Ibinandila ni Quezon ang patakarang "Katarungang Panlipunan". Hindi tumigil ang pakikibaka ng mga manggagawa at ang paglaban ng kilusan para sa kalayaan. Kaya noong 1937, napilitan si Quezon na palayain ang mga nabilanggong lider-obrero, kasama si Crisanto Evangelista. Pumayag dito ang mga Amerikano dahil alam nilang ang mga komunista ay maasahan at siguradong makakalaban ng noo'y lumalakas na pasismo ni Hitler sa Europa at ng Hapon sa Asya. Naging legal muli ang organisasyong PKP.

Sa masigasig na pagkilos ng PKP, ang pagsisikap nitong makipagalyansa sa mga organisasyon ng mga magsasaka ay nagbunga sa pagkakatatag ng Partido Sosyalista sa liderato ni Pedro Abad Santos noong Oktubre, 1938.

Samantala, sa yugtong ito ng kasaysayan, ang bansa ay nagyuyungyungan ng panganib ng digmaan. Sanhi ito ng likas na tunggalian sa pagitan ng mga bansang imperyalista: sa isang panig ng kapangyarihang AXIS: Alemanya, Hapon at Italya; at, sa kabilang panig ng kapangyarihang ALLIED: Estados Unidos, Inglatera, Pranses at iba pa.

Ang Pilipinas ay napasangkot sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig dahil sa pagiging kolonya ng bansang Amerika. Ang Clark Field, baseng militar ng Kano sa bansa, ay siyang unang sinalakay ng mga eroplanong pandigma ng mga Hapones. Bukod dito, binomba rin ang Sangley Point, baseng pandigmang pangkaragatan ng Kano, habang lumulunsad ang mga tropang Hapones sa pulo ng Batanes.

Gumanap sa makabayang tungkulin ang mga anakpawis: pagtatanggol sa kalayaan. Sa paglatag ng mga tropang Hapones sa iba't ibang pook ng bansa ay nadakip ang ilang lider ng Partido Komunista ng Pilipinas, kabilang sina Crisanto Evangelista at Pedro Abad Santos. Pinatay ng mga Hapones si Evangelista.

Noong 1944, ang hukbong Amerikano ay bumalik sa Pilipinas upang "palayain" ito mula sa kamay ng mga Hapones. Ang totoo, sa pagbabalik ng mga Kano ang unang inatupag nila'y ang pagwasak, magkatuwang na pandarahas at panlilinlang, sa mga demokratikong organisasyon ng mga mamamayang Pilipino, tulad ng Hukbalahap, (Hukbo ng Bayan Laban sa Hapon) at Democratic Alliance.

Sa panunumbalik ng relatibong kapayapaan, pinatalsik ng imperyalistang Amerikano ang mga makabayang kongresista upang walang sagabal na mapagtibay sa kongreso ang mga sumusunod: US-Philippine Treaty of

General Relations, Bell Trade Act, Military Bases Agreement at Military Assistance Pact.[26]

Ang kilusang paggawa ay humina bunga ng nagdaang digmaan. Naging mabisa ang pagwasak dito ng mga Hapones noong panahon ng kanilang pananakop. Ngunit noong 1945 ang kilusan ay nagpanibagong sigla sa pagkakatatag ng Congress of Labor Organizations (CLO) na itinatag nina Mariano Balgos, Manuel Joven, Amado Hernandez, Guillermo Capadocia, Felixberto Olalia, Sr., Pedro Castro at Cipriano Cid. Lumaganap agad ang sentro ng paggawa. Nakapagtala ito ng 78 kasaping unyon at 100,000 kasapian.

Sa unang taon pa lang ng pagkakatatag nito, napakamuno ang CLO sa 49 na welga na nilahukan ng 40,000 manggawa sa iba't ibang industriya. Karamihan sa welga ay nagtagumpay at sa perokaril ang mga welgista ay nakakuha ng 100 porsiyentong dagdag ng sahod.[27]

Sa likod ng mga tagumpay ng CLO ay naroon din naman ang mga karanasan nito sa mga panunupil ng estado sa kilusan. Sinabotahe ng yumaong Pangulong Manuel Roxas ang kilusang manggagawa. Hindi natinag ang mga manggagawa. Sa ika-apat na kongreso ng CLO noong Hulyo, 1949, binigyang-diin ng kilusan ang pag-uugnay sa pangkabuhayang kahilingan sa mga pampulitikang pakikibaka.

Ikinasindak ng imperyalistang Amerikano ang paglakas ng kilusang manggagawa at paglawak ng armadong pakikibakang inilunsad ng Partido Komunista sa mga kanayunan. Noong 1951, sa utos ng mga imperyalistang Amerikano, sinuspinde ng yumaong Pangulong Elpidio Quirino ang pribilehiyo ng habeas corpus at naglunsad ng malawakang kontra-digma sa pag-aalsa ng mga magsasaka. Kasabay ito ng patuloy na paninirang pampropaganda sa kilusang manggagawa. Dinukot at pinatay pa ang kilalang lider-obrero na si Manuel Joven.

Sa pagsidhi ng "puting lagim" at pasagsagan ng armadong pakikibaka, marami sa mga lider-obrero ang humawak ng armas at sumama sa puwersa ng Hukbong Mapagpalaya ng Bayan (HMB). Kabilang sa mga ito sina Guillermo Capadocia, Mariano Balgos at Asedillo. Sila'y nasawi sa larangan.

Sa pagpupunyagi ng kilusang welga, ang pamahalaan ay napilitang magkaloob ng mga munting konsesyon sa mga manggagawa, tulad ng batas sa segurong panlipunan at batas sa pasahod na minimum.

Sanhi ng patuloy na panggigipit o paninikil sa kilusang manggagawa, ang kilusan ay hindi kailanman nabuo sa isang pambansang organisasyon

ng mga anakpawis. Noong 1951-52 ay nagkaroon ng kapansin-pansing panghihina ang kilusan. Ngunit noong huling bahagi ng 1953, makaraan ang masinop na pagtitipon ng lakas, muling sumigla ang kilusang welga. Sa taong 1953-54, 1,500 bagong unyon ang naitatag. Noong 1955, umabot sa 750,000 manggagawa ang nakapaloob sa mga unyon. Nakapaglunsad ng 52 welga sa huling mga buwan ng 1953 at mga unang buwan ng 1954.[28]

Habang natututo sa karanasan at tumitibay ang kaisahan, ang mga manggagawa, sa gitna ng iba't ibang anyo ng panunupil, ay patuloy na nakikihamok para sa karapatang makauri at kapakanang pambansa.

Noong 1957, nabigkis ang mga progresibong lider-obrero na nagbunga sa pagkakatatag ng Katipunang Manggagawang Pilipino (KMP). Puspusan itong sumuporta sa kilusang makabayang pinamumunuan ng yumaong Senador Claro M. Recto

Habang lumalala ang krisis sa ekonomiya at pulitika, ang ika-anim na dekada ng siglo-20 ay kinatampukan ng biglang buwelo ng kilusang makabayan. Noong 1964 ay naitatag ang Samahang Magsasaka na may kasapiang 65,000. Sumunod dito ang pagkakatatag ng Partido Sosyalista sa bansa. Sina Felicberto Olalia, Sr., at Ignacio Lacsina ang mga nangungunang lider ng Partido. Samantala, sa panahon ding ito itinatag ang Kabataang Makabayan (KM), militanteng organisasyon ng mga kabataang karamihan ay mga estudyante sa mga kolehiyo at unibersidad. Muling itinatag ang Communist Party of the Philippines (CPP) noong Disyembre 26, 1968. Sinundan ito ng pagtatag ng New People's Army (NPA) noong Marso 29, 1969.[29]

Sa kilusang manggagawa, kapansin-pansin ang katotohanang waring "langis at tubig" na hindi mapagsama ang mga progresibong unyon at ang mga dilawang unyon. Ang ganitong kalagayan ng unyonismo ay bunga ng maraming kadahilanan, ngunit una na rito marahil ang pagsisikap ng mga dayuhang kapitalista na "hatiin at pagharian" ang sektor ng mga manggagawa. Sa Asian Labor Educational Center (ALEC) inihahasik ang mga "makabuluhang" kaalaman hinggil sa kilusang manggagawa. Naging pagkakataon ito para sa mga oportunista at dilawang lider-obrero para pangatuwiranan ang kanilang makasariling ikinikilos sa hanay ng mga manggagawa.[30]

Samantala, sa panahong ito, ang kapaligirang panlipunan ay tigib ng nag-aalimpuyong diwang makabayan lalo na sa hanay ng mga kabataang estudyante. Ang kilusang estudyante ay nakiisa sa kilusang manggagawa, bagaman di-pormal, sa ilalim ng mga progresibong organisasyon ng

mga manggagawa tulad ng Katipunan ng mga Samahang Manggagawa (KASAMA) at Pambansang Kilusan ng Manggagawang Pilipino (PAKMAP).

Lumaki at lumakas din ang makabayang National Federation of Labor Unions (NAFLU). Sa hanay ng mga tsuper at dyipni, umusbong at lumago ang Pambansang Samahan ng Makabayang Tsuper (PMST). Bunga ito ng malawakan at makapangyarihang welga noong 1971 laban sa pagtataas ng presyo ng langis. Sa taong ding ito naitatag ang National Federation of Sugar Workers (NSFW).

Ang sumisidhi't lumalakas na kilusang estudyante ay nagtulak sa isang mahalagang pangyayari sa kasaysayan na tinaguriang "Unang Sigwa". Isang madugong komprontasyon – na kinamatayan ng tatlong estudyante – ang naganap sa tulay ng Mendiola na pinagdausan ng isang malaking demonstrasyon ng iba't ibang progresibong samahan ng mga kabataan. Ang mga sunod-sunod na rali at demonstrasyon ng mga kabataan ay nagpasulak sa mga diwang mapaghimagsik ng sambayanan dahil sa patuloy na pagtaas ng mga bilihin, paghihikahos ng masa at katiwalian sa gobyerno. Sa mga demonstrasyon, ibinandila ng mga mangagagawa, magsasaka, kabataang estudyante, maralitang tagalunsod, makabayang tsuper at makabayang propesyunal ang pagtuto sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Habang binabayo ang estado ng matinding protestang bayan, nag-uumulol ito sa kabangisan: Enero 12, 1971, naganap ang masaker sa Plaza Miranda; Mayo 1, 1971, itinaboy ng pangulo ang rali-demonstrasyon sa harap ng kongreso; Agosto 1971, binomba ang rali ng Partido Liberal sa Plaza Miranda. Sa kabila nito, hindi natakot ang mga manggagawa, estudyante, propesyunal, tsuper at iba pang sektor ng lipunan na dalhin sa lansangan ang usaping lumiligalig at nagpapahirap sa sambayanan: imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Sa mga protestang bayan, isinisigaw ng taumbayan ang makabuluhang pagbabago sa lipunan. Sa suliranin ng bayan, ang itinugon ni dating Presidente Marcos ay pagsuspindi sa kasulatang habeas corpus noong Agosto 25, 1971.

Sa gitna ng "puting lagim", nagpatuloy ang sambayanan sa kanilang pagtutol. Hanggang sa malantad sa taumbayan ang tunay na "kahinaan" ng estado: Setyembre 21, 1972, ipinataw sa bansa ang batas militar.

Tatlong magkakahiwalay na krisis ang nagkasama-sama sa dakong huli ng taong 1972: krisis sa liderato ni dating Pangulong Marcos, krisis ng mga sumusuporta sa kairalan o status quo at krisis para sa Washington. Nagbunga ito ng pagkakadeklara ng batas militar.[31]

Mula 1972, hanggang 1975, “tahimik” ang kilusang manggagawa. Sa ilalim ng rehimeng militar, noong 1975, ay pumutok ang unang welga sa La Tondena. Sinundan ito ng welga sa Hunters Garments, Central Textile, Marcelo Fiberglass, Gelmart Industries, SYS Corporation, Aris Gloves, Yupangco Corp., Riverside Mills Corp., Solid Mills, Union Chemical, Engineering Equipment at marami pang iba.

Noong 1976, ang kilusang manggagawa ay nakapagtala ng 108 welga. AT noong 1977, isinilang ang Kapatirang Anakpawis, isang samahan ng mga unyon na naglalayong pag-isahin ang buong uring manggagawa.

Sa loob ng mahigit sa 20-taong paghahari ng rehimeng Marcos na lalong kilala sa tawag na “Bagong Lipunan”, maraming naganap na “pagbabago” sa kilusang manggagawa. Ipinayahag ni Marcos na kailangang pag-isahin ang kilusan upang maging mabisang “kasama” sa programang pangkaunlaran ng “Bagong Lipunan”.[32]

Ang malalaking pederasyon ng mga manggagawa ay nagtatag ng Philippine Labor Coordinating Center (PLCC). Naging instrumental ito sa pagkakatayo ng Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) noong 1975. Ang TUCP ay may pagtangkilik ng administrasyon ni Marcos na hindi tinatamasa ng ibang pederasyon. Ngunit unti-unting gumuho ang pagtitiwala ng mga lider-obrero at mga manggagawa sa TUCP habang tumitindi ang pagtutol ng taumbayan sa rehimeng Marcos.[33]

Ang pinakamatingkad na panlilinlang ng rehimeng Marcos sa mga manggagawa ay ang pagtatakda ng patakarang “Isang Unyong - Isang Industriya” at paglikha ng National Labor Relations Commission (NLRC). Mahigpit pang ipinagbawal ang pagwewelga sa mga pangunahing industriya na kontrolado ng mga dayuhang kapitalista.

Sa madaling sabi, sa ilalim ng rehimeng Marcos, isang mapanikil na mekanismo sa larangan ng paggawa ang nanalasa sa kilusan. Ngunit sa halip na makapinsala sa kilusan, ibayong pagngingitngit ang inani ng mekanismo sa hanay ng mga manggagawa at lalong naging masigla ang kilusang welga.

Sa pagsulong ng kilusang manggagawa, noong 1980 ay itinatag ang Kilusang Mayo Uno (KMU). Nagsimula ito sa 50,000 kasapian na naging 75,000 noong 1981; 150,000 noong 1982, umabot sa 275,000 noong 1983 at nagkaroon ng dramatikong paglaki ng nakaraang taon nang umabot sa kalahating milyon. Ang 500,000 kasapian ng KMU ay aktibo hindi lamang sa mga pakikibakang pangkabuhayan kundi gayundin sa mga pampulitikang pagkilos.[34]

Sa pagdiriwang ng Araw ng Paggawa noong 1986, libu-libong manggagawa ang nagbunyi sa Pangulong Corazon C. Aquino sa Luneta: una, dahil sa panunumbalik ng demokrasiya sa bansa at ikalawa, sa maka-manggagawang pamumuno ni Dating Kalihim Augusto Sanchez ng Paggawa.

Ngunit ang Araw ng Paggawa na ipinagdiwang noong Mayo 1, 1987 ay kapapansinan ng kakaibang sitwasyon. Balisa ang mga manggagawa. Halatang hindi nila gusto ang administrasyon ni Kalihim Franklin Drilon ng Paggawa. Ang mahapding sugat ng kilusan – pagpatay kay Rolando Olalia, lider ng KMU noong Nobyembre 1986 – ay nasaling na sama ng loob dulot ng kaibang pamamalakad ni Drilon, pumalit kay Sanchez.

Paglalagom

Ang mga suliranin at pakikibaka ng uring manggagawang Pilipino ay hindi hiwalay sa suliranin at pakikibaka ng buong sambayanan. Bagaman totoong nakakakuha ng ilang biyaya tulad ng pagtaas ng sahod at ilang benepisyo sa pamamagitan ng kilusang welga at pag-uunyon, tumataas naman ang presyo ng mga bilihin at halos di-katapat ng sahod at presyo ng mga pangunahing pangangailangan sa buhay.

Magkakatulong na nagsasamantala ang mga dayuhang kapitalista at lokal na naghaharing uri sa uring manggagawa. Kakutsaba nila ang mga lider sa gobyerno upang mapanatili ang kaayusang panlipunan na pabor sa mga kapitalista. Sa ganitong kaayusan, ang mga kaaway ng uring manggagawa ay hindi katakatakang kaaway din ng buong sambayanan.

Habang nakagapos ang pambansang kasarinlan bunga ng huwad na kalayaan ng bansa, ang mga saligang suliranin ng lipunang Pilipino ay mananatili at patuloy na sisidhi samantalang ang lakas paggawa na kailangang-kailangan para sa kalutasan ng mga sakit ng lipunan ay hindi naman makabuwelo dahil sa mga umiiral na patakaran ng gobyerno kaugnay ng paggawa na pawang kontra-produktibo, sumasansala sa inisyatiba ng produksyon.

Mananatili ang kilusang welga habang ang mga kapitalista ay patuloy na nagkakait sa mga lehitimong karapatan ng uring manggagawa. Mananatili rin ang makabayang pananagutan ng uring manggagawa habang nakatanikala ang kalayaan ng bansa sa dayuhang kapangyarihan.

Ang mga krisis sa ekonomiya at pulitika ng mga bansang industriyalisado't makapangyarihan, na tulad ng Estados Unidos, ay higit na pagdurusahan ng mga bansang kolonyal na nasa ilalim ng kapangyarihan nito. Ngunit

habang tumitindi ang dayuhang pagsasamantala sa mga bansang kolonya, ito'y kusang magpapalawak at magpapalakas sa kilusang mapagpalaya mula sa "Mga Bansa ng Ikatlong Daigdig" na kinabibilangan ng Pilipinas.

Malinaw ang aral ng kasaysayan na ipinakita sa bansang Biyetnam. Sa kasulukuyan, malinaw rin ang mga pangyayari sa mga bansa sa Amerika Latina, Aprika, at Asya na mahigpit na ipinaglalaban ang kalayaan ng mga kilusang mapagpalaya.

Endnotes

1 Bruce H. Millen, *The Political Role of Labor in Developing Countries* (East-West Center Press, Honolulu, 1963) p. 37
2 Ibid., p. 37
3 Dr. Nemesio E. Prudente, *Sa Mga Kuko Ng Limbas* (Malaya Books Inc., Quezon City, Philippines) p.12
4 Virgilio S. Almario, *Walong Dekada Ng Makabagong Tulang Pilipino* (Philippine Education Company, Inc., 1981)
5 Teodoro E. Agoncillo and Oscar M. Alfonso, *History of the Filipino People* p. 20
6 Ibid., p. 290
7 Amado Guerrero, *Philippine Society and Revolution* p. 20
8 Ibid., p. 21
9 Ibid., p. 22
10 *A Message of Hope to Filipino Who Care* (A pamphlet, 1975)
11 Alejandro Lichauco, "International Economic Order and The Philippine Experience" *Mortgaging The Future*: The World Bank and IMF in the Philippines (Foundation For Nationalist Studies, 1084 Edited by Vivencio R. Jose) p. 39
12 Joseph Lim, "Economic Crisis, Historical Perspective" *Synthesis* (Edgar Jopson Memorial Foundation, 1986 Edited by Lilia Quindoza Santiago) p. 16
13 Vivencio R. Jose, "New Perspective of Domination and Development" *Mortgaging the Future* p. 202
14 Ibid., p. 203
15 Vivencio R. Jose, *Workers Response To Early American Rule*, 1900-1935 (Philippine Social Sciences and Humanities Review, December 1981) Vol.xlv.
16 Manggagawa Noon at Ngayon (Isang babasahin sa kilusang manggagawa)
17 Dr. Dante G. Guevarra, *Manggagawa sa Kasaysayan* (unpublished book)
18 Ibid.
19 Manggagawa Noon at Ngayon
20 Ibid.
21 Ibid.
22 Vivencio R. Jose, op. cit.
23 Manggagawa Noon at Ngayon
24 Ibid.
25 Ibid.
26 Dr. Nemesio E. Prudente, *Sa Mga Kuko Ng Limbas* p. 41
27 Op cit.

28 Op cit.
29 Op cit.
30 Dr. Nemesio E. Prudente, *Sa Mga Kuko Ng Limbas* p. 113
31 “Martial Law”: Staff Report for the US Senate Foreign Relation Committee; *The Philippine Reader* (KEN, Inc., 1987)
32 Rene E. Ofreneo and Amelita M. King, “Labor Pains of the Marcos Era” *The Philippine Currents* (New Horizon Research and Publication, 1987) Vol. I No. 8
33 Ibid.
34 *Ulat Ng Kalagayan at Pag-unlad ng Organisasyon ng Buong 1984* (Babasahin, Ikalawang Espesyal na Pambansang Kongreso ng KMU, Marso 10, 1985)
35 Essoyan, Susan, “Milliant Labor vs Aquino” *Midweek* (Lagda Publishing, Inc., August 5, 1987)